

Ang Indeks sa Paglaganap ng COVID-19 ay isang balanseng paraan upang maprotektahan ang mga komunidad. Layunin ng modelong ito na magtulong-tulong ang bawat isang mamamayan upang mapababa ang indeks ng paglaganap, at para mapanatili sa posibleng pinakamababang antas ang maraming mga county.

Pagbabago ng paglaganap sa antas ng indeks sa county ay nangyayari sa pag-ikot ng ika-pitong araw na i-aanunsyo sa mga darating na Huwebes. Ilalagay sa mataas, katamtaman o mababa ang mga county na tutugon sa hindi bababa sa dalawang kriterya. Mga pagbabago mula sa mababa patungo sa mataas na antas na paglaganap ay maaaring mangyari linggo-linggo. Mga pagbabago mula sa mataas patungo sa mababang antas ng paglaganap ay maaaring mangyari hindi bababa tuwing ika-14 na araw, kapag naabot ang threshold.

Ang mga antas ng paglaganap sa modelong ito ay pangunahing nakabatay sa mga sumusunod na pamantayan:

- Dami ng mga nagpopositibo
- Bilang ng kaso
- Bilang ng dinadala sa ICU

Indeks ng Paglaganap ng COVID-19	Mataas	Katamtaman	Mababa
Karaniwang bilang ng mga nagpopositibo sa loob ng 7 araw sa bawat county	≥13%	6-12.9%	≤5.9%
Bilang ng mga kaso sa loob ng 14 na araw sa bawat county <small>Awtomatikong ituturing na "mababa" ang paglaganap sa mga frontier county (iyong may mas mababa sa anim na katao kada milyang parisukat) na may mas mababa o katumbas na 14 na mga kaso sa nakalipas na 14 na araw. Tutukuyin ang antas ng paglaganap gamit ang mga pamantayan ng indeks ng paglaganap sa mga frontier county na may higit sa 14 na kaso sa nakalipas na 14 na araw.</small>	≥325/100k	324-101/100k	≤100/100k
Dinadala sa ICU sa buong estado (karaniwan sa loob ng 7 araw)	Kabuuang bilang na dinadala ≥72%  AT  ≥15% Dinadala sa ICU para sa COVID-19	Kabuuang bilang na dinadala 69-71.9%  AT  6-14.9% Dinadala sa ICU para sa COVID-19	Kabuuang bilang na dinadala ≤68.9%  AT  ≤5.9% Dinadala sa ICU para sa COVID-19

Mga dapat gawin ng mga indibidwal at mga negosyo	Mataas	Katamtaman	Mababa
Maingat na Pagtitipon  Pagtitipong kaswal tulad ng pagkain ng hapunan ng pamilya, pagtitipon kasama ang mga kaibigan, o pagpunta sa mga book club ( <i>hindi kasama ang pagpunta sa mga pormal na pagtitipon ng simbahan o</i>	Pinahihintulutan ang mga pagtitipon ng 10 o mas mababa.	Hanggang 10/29: Pinahihintulutan ang mga pagtitipon ng 10 o mas mababa.  Pagkatapos ng 10/29 Pinahihintulutan ang mga pagtitipon ng 25 o mas mababa. Maaring lumagpas sa 25 kung ang bawat isa	Pinahihintulutan ang mga pagtitipon ng 50 o mas mababa. Maaring lumampas sa 50 kung ang bawat isa ay magsusuot ng face mask.



**Mga Antas ng Patnubay Pangkalusugan | 10/22/2020**

<i>mga pagtitipong nakaplano at inorganisa)</i>		ay magsusuot ng face mask.	
Nakasuot ng mask sa loob ng pampublikong pasilidad, at sa labas, kapag hindi posible ang distansiyang pisikal; kasama pareho dito ang mga kawani at mga kliyente  Maaring italaga ng negosyo ang pagsusuot ng mask sa mga lugar na katamtaman o mababa ang paglaganap	Kailangan	Hanggang 10/29: Itinatalaga ng pampublikong kalusugan  Pagkatapos ng 10/29 Mahigpit na nirerekomenda ng kawani nang pampublikong kalusugan; ang pagtatalaga sa pagsusuot ng mask ay nasa diskresyon ng mga pamunuan ng county nang may konsultasyon sa mga lokal na opisyal ng pangkalusugan	Mahigpit na nirerekomenda ng kawani nang pampublikong pangkalusugan; ang pagtatalaga sa pagsusuot ng mask ay nasa diskresyon ng mga pamunuan ng county na sumangguni sa lokal na opisyal ng pangkalusugan
Pagdistansiyang pisikal sa pagitan ng mga sambayanan hangga't maari, kahit sa mga pagtitipon	Mahigpit na nirerekomenda	Mahigpit na nirerekomenda	Mahigpit na nirerekomenda
Mga dapat gawin para sa kalinisan	Mahigpit na nirerekomenda	Mahigpit na nirerekomenda	Mahigpit na nirerekomenda
Manatili sa bahay kung mayroong sakit	Kailangan	Kailangan	Kailangan
Sundin ang mga panuntunan ng quarantine para sa pampublikong kalusan/pag-isolate	Kailangan	Kailangan	Kailangan
<b>NEGOSYO</b>			
Lahat ng mga negosyo	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Sumangguni sa <a href="#">Manual Pangnegosyo</a></li> <li>• Italaga ang 6' na distansiya sa pagitan ng mga sambayanan, maliban na lamang kung mayroong suot na mask</li> <li>• Magpaskil ng listahan ng mga sintomas ng COVID-19, sabihan ang mga empleyado at kliyente na manatili sa bahay, at hikayatin ang distansiyang pisikal</li> <li>• Magbigay ng alternatibong opsyon para sa pag-pickup hangga't maari (tulad ng pag-pickup sa tabi ng kalsada, paghahatid sa bahay, o takeout)</li> <li>• Siguraduhing gumagana nang maayos ang bentilasyon</li> <li>• Hadlang na plexiglass sa pagitan ng kawani at mga kliyente sa mga rehistro ng pera kung maari at sa mga tanggapan para sa customer service kung mahirap ipatupad ang 6' na distansiya</li> <li>• Masinop na linisin at i-disinfect ang mga palikuran nang hindi bababa sa dalawang beses kada araw</li> <li>• Tulungan ang mga empleyadong makapagtrabaho sa bahay kung mayroon silang sakit o kung mataas ang peligro para sa kanila</li> <li>• Mahigpit na hinihikayat na manatiling Ligtas at Maging Bukas sa mga Panuntunan (o sa mga kahalintulad na panuntunan sa ibang mga industriya na magpapataas ng antas ng kalusugan at kaligtasan upang maiwasan ang paglaganap ng COVID-19</li> <li>• Maaring ipatupad ang mga exemptions sa mga pagtitipon at mga kaganapan</li> </ul>		



**Mga Antas ng Patnubay Pangkalusugan | 10/22/2020**

Distansiyang pisikal sa mga restawran (kasama ang mga buffet)	6' sa pagitan ng lahat ng indibidwal sa lahat ng oras (kasama na ang mga lugar-antayan at kapag nakaupo)	Mahigpit na nirerekomenda ang 6' distansiya sa pagitan ng mga indibidwal kapag nakaupo, kinakailangan sa mga lugar-antayan	Mahigpit na hinihikayat ang 6' distansiya sa pagitan ng mga indibidwal
Sa mga bar	6' sa pagitan ng lahat ng indibidwal sa lahat ng oras (kasama na ang mga lugar-antayan at kapag nakaupo)	Mahigpit na hinihikayat ang 6' distansiyang pisikal sa pagitan ng mga indibidwal; bawasan ang bilang ng mga tao sa loob ng mga establisyemento sa 75% na kapasidad; dapat na magsuot ng mask ang mga kliyente kapag nakikisalamuha sa ibang mga tao	Mahigpit na hinihikayat ang 6' distansiya sa pagitan ng mga indibidwal
Lahat ng mga lugar na hinahayaan ang mga pampublikong pagtitipon, tulad ng mga live event, sinehan, kasal, recreation at libangan	-Kinakailangang magsuot ng mask; hindi kasali dito ang mga performer/athlete habang ginagawa ang trabaho nila Hinihingi ang pagkumpleto sa <a href="#">Event Management Template</a> -Hahayaan ang mga indibidwal na negosyo na baguhin ang kanilang operasyon alinsunod sa pagbugso ng kaso; Nasa diskresyon ng Kagawaran ng Lokal na Kalusugan ang kahigpitan ng mga modipikasyon, na susuportahan ng UDOH		
	-6' distansiyang pisikal sa pagitan ng mga sambahayan  - Maaring ipakiusap sa mga pamunuan ng county nang may pagsangguni sa lokal na opisyal ng pangkalusugan ang exemptions sa 6' distansiyang pisikal sa pagitan ng mga sambahayan. Maaring pag-aralan ang mga exemptions kada 14 na araw. Mahigpit na ipagbabawal ang mga exemptions, at ito ay hindi mapapadalas bunsod ng mataas na peligro ng paglaganap sa antas na ito.	-6' distansiyang pisikal sa pagitan ng mga sambahayan  - Maaring ipakiusap sa mga pamunuan ng county nang may pagsangguni sa lokal na opisyal ng pangkalusugan ang exemptions sa 6' distansiyang pisikal sa pagitan ng mga sambahayan. Maaring pag-aralan ang mga exemptions kada 14 na araw Hindi hinihikayat ang mga exemptions, pero maaring mas madalas sa mga taong mataas ang peligro	-mahigpit na nirerekomenda ang 6' distansiyang pisikal sa pagitan ng mga sambahayan, pinahihintulutan ang pag-upo nang magkakatabi nang walang pisikal na distansiya sa pagitan ng mga sambahayan
Mga Paaralan	Sumangguni sa <a href="#">Manwal ng Paaralan at sa Handbook ng Plano sa Pagbubukas ng Paaralan</a> ng Utah State Board of Education's Kailan pa rin sundin ang tinalagang pagsusuot ng mask para sa mga estudyante sa K-12		
Mataas na Edukasyon	Tingnan ang USHE/indibidwal na unibersidad/mga plano para sa pagbubukas ng kolehiyo.		

